# GAMES
## Activity 50

| Pambungad |
|---|
| *Kumusta, kaibigan? Hahasain natin ang ating problem-solving at pisikal na skills, at imahenasyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng ating game master ngayong araw. May level 1, level 2, at level 3! Handa ka na bang tanggapin ang pagsubok niya ngayon? Naniniwala kami sa 'yo, kayang-kaya mo 'to!* |

| **Games - Activity 50** |
|---|
| Shapes and Scenes! |
| Content Creator: Robyn Nicole B. Jereza |

**SHAPES AND SCENES**
**GAMES FOR GR. 1 - HS - ACTIVITY 50**

**I. Pambungad** 🎯
ART! 🎨 Ano ang malilikha ng iyong imahenasyon sa tatlong hugis o shape? 🤔🌈
🔺🔵⬛

**II. Step 1** 🎯
Gamit ang anumang pansulat at papel meron tayo sa bahay, gumuhit tayo ng isang square (parisukat), circle (bilog), at triangle (tatsulok). Kahit anong puwesto sa papel, at kahit anong laki!

**III. Step 2** 🎯
Sa tatlong shape o hugis na ito, gumawa ng isang eksena!
Kunwari, kung ito ang iyong papel"

```
____________________________________
|
|      🔵
|
|           🔺
|
|                    ⬛
|___________________________________
```

Gamitin ang iyong imahenasyon para gawing eksena ang naidrawing na shapes o hugis! Ang triangle (tatsulok) ay pwedeng gawing bubong ng simbahan! 💒 Ang maliit na bilog puwede maging tao! 🧒🏽 At magdagdag ka na lang ng magdagdag ng tao! 👨👩👧👦 Ang maliit na square (parisukat) ay puwedeng maging tore ng simbahan! 💒

Nasasaiyo!  Pwede kang gumawa ng isang zoo, o isang parke, bahay, o eroplano! Kahit ano! 🌈

**IV. Step 3 🎯**

Pakita mo ang iyong guhit sa kasama mo sa bahay! 👨👩👧👦 Ano ang masasabi nila sa iyong naguhit? Nakikita ba nila ang eksena?

Ang activity na ito ay pagsasanay ng ating imahenasyon! Lahat ng magagawa natin ay maganda! ❤🌈 Sana tinaggap natin ang hamong ito at ginamit natin ang ating artistic na kakayahan para gunawa ng guhit o drawing na nagpapasaya sa atin!

🌸 Paalala! Ang art ay ekspresyon ng perspektibo mo sa mundo at nararamdaman mo! Palaging alalahanin na ang art ay paraan para ipakita ang sarili, ang iyong iniisip o nararamdaman, at para makapag-ugnay sa ibang tao! ❤☺❤

This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.